PAHAYAG NG IMPORMASYON SA BAKUNA

Bakunang Serogroup B Meningococcal (MenB): *Ano Ang Kailangan Mong Malaman*

Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis

1 Bakit kailangang magpabakuna?

Ang **meningococcal na sakit** ay malalang sakit na dulot ng bacteria na tinatawag na *Neisseria meningitidis*. Maaari itong magdulot ng meningitis (impeksiyon ng lining ng utak at gulugod) at impeksiyon ng dugo. Madalas nagaganap ang meningococcal na sakit nang walang babala—kahit na sa mga tao na malulusog.

Ang meningococcal na sakit ay maaaring kumalat mula sa tao papuntang ibang tao sa pamamagitan ng malapitang kontak (pag-ubo o paghalik) o mahabaang kontak, lalo na sa mga taong nakatira sa parehong tahanan.

May hindi bababa sa 12 uri ng *N. meningitidis*, na tinatawag na "serogroups." Ang serogroups A, B, C, W, at Y ay nagdudulot ng pinakamaraming meningococcal na sakit.

Sinuman ay maaaring magkaroon ng meningococcal na sakit pero ang ilang tao ay mas mataas ang peligro, kasama ang:
- Mga sanggol na mas bata sa isang taong gulang
- Mga nagbibinata at nagdadalaga at batang maygulang na 16 hanggang 23 taong gulang
- Mga taong may partikular na medikal na kundisyong nakakaapekto sa immune system
- Mga microbiologist na karaniwang nagtatrabaho sa mga isolate ng *N. meningitidis*
- Mga taong nasa peligro dahil sa pagkakahawahan sa komunidad nila

Kahit na ginagamot, pumapatay ang meningococcal na sakit ng 10 hanggang 15 naimpeksiyong tao mula sa 100. At sa mga nabubuhay, mga 10 hanggang 20 mula sa bawat 100 ang magdurusa sa kapansanan tulad ng pagkawala ng pandinig, pinsala sa utak, pinsala sa bato, pagkaputol ng bahagi ng katawan, problema sa sistema ng nerbiyo o mga malalang peklat mula sa mga skin graft.

Ang **mga bakunang serogroup B meningococcal (MenB)** ay makakatulong na mahadlangan ang meningococcal na sakit na dulot ng serogroup B. Ang mga ibang bakunang meningococcal ay inirerekomenda para makatulong sa pagprotekta laban sa mga serogroup A, C, W, at Y.

2 Mga Bakunang Serogroup B Meningococcal

Ang dalawang bakunang serogroup B meningococcal—Bexsero® at Trumenba®—ay nilisensiyahan ng Food and Drug Administration (FDA).

Karaniwang inirerekomenda ang mga bakunang ito para sa mga tao na edad 10 taon o mas matanda na nasa mas mataas na peligro para sa serogroup B meningococcal na impeksiyon, kasama ang:
- Mga taong nasa peligro dahil sa pagkalat ng serogroup B meningococcal na sakit
- Sinumang may pinsala sa lapay o inalisan nito
- Sinumang may bihira na kalagayan ng immune system na tinatawag na "persistent complement component deficiency"
- Sinumang umiinom ng gamot na tinatawag na eculizumab (tinatawag ding Soliris®)
- Mga microbiologist na karaniwang nagtatrabaho sa mga isolate ng *N. meningitidis*

Maaari ring ibigay ang mga bakunang ito sa sinuman na 16 hanggang 23 taong gulang para magbigay ng panandaliang proteksiyon laban sa karamihan ng strain ng serogroup B meningococcal na sakit; ang 16 hanggang 18 taong gulang ang pinakamabuting edad sa pagbabakuna.

Para sa pinakamahusay na proteksiyon, mahigit sa 1 dosis ng bakunang serogroup B meningococcal ay kailangan. Dapat gamitin ang parehong bakuna para sa lahat ng dosis. Magtanong sa tagapaglaan mo ng pag-aalaga sa kalusugan tungkol sa bilang at timing ng mga dosis.

3 May ilang tao na hindi dapat tumanggap ng mga bakunang ito

Sabihin sa taong magbibigay sa iyo ng bakuna:

- **Kung mayroon kang anumang malalang allergy na mapanganib sa buhay.**
  Kung nagkaroon ka ng mapanganib sa buhay na allergic na reaksiyon matapos ang nakaraang dosis ng bakunang serogroup B meningococcal, o may malalang allergy ka sa anumang bahagi ng bakunang ito, maaaring hindi ka magpabakuna. *Ipaalam sa iyong tagapaglaan ng pag-aalaga sa kalusugan kung mayroon kang anumang mga matitinding allergy na alam mo, kabilang ang isang matinding allergy sa latex.* Masasabi niya sa iyo ang mga sangkap ng bakuna.
- **Kung ikaw ay buntis o nagpapasuso.**
  Wala masyadong impormasyon tungkol sa mga potensiyal na peligro ng bakunang ito para sa mga buntis na kababaihan o nagpapasusong ina. Dapat lang itong gamitin habang nagbubuntis kapag malinaw na kailangan.

Kung may banayad kang sakit, tulad ng sipon, malamang ay maaari kang magpabakuna ngayon. Kung ikaw ay may katamtaman o matinding sakit, dapat kang maghintay hanggang sa gumaling ka. Mapapayuhan ka ng doktor mo.

U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

4 Mga panganib ng isang reaksiyon sa bakuna

Sa anumang gamot, kabilang ang mga bakuna, may tsansa ng mga reaksiyon. Karaniwan ay banayad ito at kusang nawawala sa loob ng ilang araw pero posible rin ang mga malalang reaksiyon.

Mahigit sa kalahati ng mga taong nakakatanggap ng bakunang serogroup B meningococcal ay may **banayad na problema** kasunod ng pagbabakuna. Ang mga reaksiyong ito ay maaaring magtagal ng 3 hanggang 7 araw, at kasama ang:

- Pananakit, pamumula o pamamaga kung saan iniiniksiyonan
- Kapaguran o pagkahapo
- Pananakit ng ulo
- Pananakit ng kalamnan o kasukasuan
- Lagnat o panginginig sa ginaw
- Pagduruwal o pagtatae

Ibang mga problema na maaaring mangyari pagkatapos ng mga bakunang ito:

- Ang mga tao kung minsan ay hinihimatay matapos ang isang medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Ang pag-upo o paghiga nang mga 15 minuto ay makakatulong na mapigilan ang pagkahimatay at mga pinsalang dulot ng mga pagkatumba. Sabihin sa iyong tagapaglaan kung nakakaramdam ka ng pagkahilo, o may mga pagbabago sa paningin o kuliling sa mga tainga.
- Ang ilang tao ay sumasakit ang balikat na maaaring mas malala at mas matagal kaysa sa mas karaniwang pananakit na maaaring mangyari kasunod ng mga iniksyon. Nangyayari ito nang napakadalang.
- Ang anumang gamot ay maaaring magdulot ng isang matinding allergic na reaksiyon. Ang ganitong mga reaksiyon mula sa isang bakuna ay napakabihira, na tinatayang mga 1 sa isang milyong dosis, at nangyayari sa loob ng ilang minuto hanggang sa ilang oras makalipas ang pagbabakuna.

Tulad ng anumang gamot, mayroong napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay magiging sanhi ng malubhang pinsala sa katawan o kamatayan.

Ang kaligtasan ng mga bakuna ay palaging sinusubaybayan. Para sa dagdag pang impormasyon, bumisita sa: **www.cdc.gov/vaccinesafety**/

5 Paano kung may malalang reaksiyon?

Ano ang dapat kong hanapin?

- Magbantay para sa anumang iba pang bagay na ikakabahala mo, tulad ng mga palatandaan ng matinding allergic na reaksiyon, napakataas na lagnat, o di-pangkaraniwang pag-uugali.

  Ang mga palatandaan ng isang **matinding allergic na reaksiyon** ay maaaring kabibilangan ng mga tagulabay, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na pintig ng puso, pagkahilo at panghihina.

  Nagsisimula ito kadalasan nang ilang minuto hanggang ilang oras makalipas ang pagbabakuna.

Ano ang dapat kong gawin?

- Kung sa iyong palagay ay isa itong **matinding allergic na reaksiyon** o iba pang emerhensiya na hindi makakahintay, tumawag sa 9-1-1 at pumunta sa pinakamalapit na ospital. Kung hindi, tumawag sa iyong klinika.

  Makalipas, dapat iulat ang reaksiyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS) (Sistema ng Pag-uulat ng Hindi Mabuting Pangyayari kaugnay ng Bakuna). Maaaring isumite ng doktor mo ang ulat na ito o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito sa pamamagitan ng web site ng VAERS sa **www.vaers.hhs.gov**, o sa pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Ang VAERS ay hindi nagbibigay ng payong medikal.

6 Ang Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala kaugnay ng Bakuna

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) (Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala kaugnay ng Bakuna) ay isang pederal na programa na nilikha upang bayaran ang mga taong maaaring napinsala ng mga partikular na bakuna.

Ang mga taong naniniwala na maaaring napinsala sila ng bakuna ay maaaring makakuha ng kaalaman tungkol sa programa at tungkol sa pagsasampa ng claim sa pagtawag sa **1-800-338-2382** o pagbisita sa website ng VICP sa **www.hrsa.gov/vaccinecompensation**. May limitasyon sa panahon ng pagsasampa ng claim para sa kabayaran.

7 Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Tanungin ang tagapaglaan mo ng pag-aalaga ng kalusugan. Siya ay maaaring magbigay sa iyo ng insert sa pakete ng bakuna o magmungkahi ng iba pang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Makipag-ugnay sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC) (Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636** (**1-800-CDC-INFO**) o
  - Pumunta sa website ng CDC sa **www.cdc.gov/vaccines**

Translation provided by the Immunization Action Coalition

Vaccine Information Statement
Serogroup B Meningococcal Vaccine

08/09/2016 Tagalog

Office Use Only

42 U.S.C. § 300aa-26